# The CROSS

## Ang Kapitan ng Hukbong Romano

WEEK 3

### WARM-UP

- Ibahagi ang una mong akala sa isang tao na ngayon ay kilalang-kilala mo na.
- Ibahagi ang isang kaganapan, kwento, o kasabihan na bumago sa akala mo sa isang bagay.
- Anong pagpapakita ng pagmamahal ang lubhang nakaantig sa puso mo? Paano ka naapektuhan nito?

### WORD

*Nang makita ng kapitan ng mga sundalo ang nangyari, pinuri niya ang Diyos at sinabi, "Totoo ngang walang kasalanan ang taong ito."* **LUCAS 23:47**

(Basahin din ang **LUCAS 23:33–38, 44–46.**)

Ang pagpapapako sa krus ay ang pangunahing parusa ng mga taga-Roma. Sa kaso ni Jesus, dinala na Siya kay Gobernador Pilato ng Judea. Ipinatong ng mga sundalo ni Pilato ang koronang tinik at kinutya Siya, dahil alam nila na tinatawag Niya ang Kanyang sarili na "Hari ng mga Judio." May isang kapitan—pinuno ng mga 80 sundalo sa hukbong Romano—na nagmasid kay Jesus. Ang kapitan na ito ay saksi sa lahat ng mga pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos at kapangyarihan sa pagkakapako at kamatayan ni Jesus. Ang iba sa mga pangyayaring ito ay totoong kahanga-hanga. Nakita niya si Jesus, na sa halip na umiyak at magmura tulad ng ibang pinapako sa krus, ay nagpatawad sa mga papatay sa Kanya (Lucas 23:34). Sa pagkamatay ni Jesus, nasaksihan ng kapitan ang pagkawala ng sinag ng araw, paglindol, pagkabiyak ng mga bato, at pagbukas ng mga libingan (Mateo 27:51–53; Lucas 23:44). Sa araw na ito ay pag-uusapan natin ang naging tugon ng kapitan sa pagpapapako at kamatayan ni Jesus sa krus, at kung paano natin ito magagamit sa buhay natin ngayon.

### PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paghahayag Niya ng Kanyang pagmamahal at kapangyarihan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus at sa bawat araw ng iyong buhay.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang mas makilala Siya at makita ang Kanyang pagkilos sa iyong buhay. Ipanalangin na malinaw mong maipaliwanag at mapatunayan sa iba ang Kanyang kabutihan.
- Ipanalangin na manatiling bukas ang iyong puso sa pagbabago at pangunguna ng Diyos, dahil alam mo na araw-araw tayong nalilinis ng Diyos.

### NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Suson-Gloria, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Kinilala ng kapitan kung sino si Jesus.

*Ang kapitan at ang kanyang mga sundalo na nagbabantay kay Jesus ay nasindak nang mayanig ang lupa at nang makita ang mga pangyayari. Sinabi nila, "Totoo ngang siya ang Anak ng Diyos!"* **MATEO 27:54**

Pagkatapos niyang masaksihan ang mga pangyayari, napuno ang kapitan ng pagkamangha at inihayag niya na si Jesus ay tunay na *Anak ng Diyos*. Ang karamihan sa pangungutya ay tungkol sa pag-angkin ni Jesus sa pagiging Cristo—kasama na rito ang koronang tinik, kapa, at karatula sa ibabaw ng ulo ni Jesus. Pinagtatawanan nila ang taong nagsasabing siya ay Hari, na kasalukuyang pinagdudusahan ang hatol na kamatayan. 'Di tulad ng mga Judio, ang kapitan ay hindi lumaki na umaasa sa paparating na Mesias. Ngunit nang mamatay si Jesus, kinilala ng kapitan na totoo nga ang sinasabi Niya tungkol sa sarili: Siya ang Anak ng Diyos. Paano mo nakikita ang Diyos sa buhay mo? Paano mo Siya binigyan ng pagkilala at paano ka patuloy na lumago sa ugnayan mo sa Kanya?

## 2 Pinuri ng kapitan ang Diyos.

*Nang makita ng kapitan ng mga sundalo ang nangyari, pinuri niya ang Diyos at sinabi, "Totoo ngang walang kasalanan ang taong ito."* **LUCAS 23:47**

Dagdag pa sa pagkilala na si Jesus ay Anak ng Diyos, *pinuri* ng kapitan ang Diyos. Ibig sabihin nito ay kinilala at pinaniwalaan din niya ang Diyos. Ang tugon na ito at pagbabago ng sundalong taga-Roma ay higit na kakaiba sa lahat. Habang kinukutya ng iba si Jesus, pinuri Siya ng kapitan. May kwento ka ba ng pagbabago mula sa pangungutya tungo sa pagbibigay ng papuri? Paano ka binago ng karanasan mo sa pagmamahal ni Jesus at pagiging saksi sa Kanyang kapangyarihan?

## APPLICATION

- Pag-isipan kung paano mo kinikilala si Jesus sa iyong araw-araw na pamumuhay. Ano ang isang paraang magagawa mo para mas sadyaing makilala Siya?
- Maglaan ng panahon para pasalamatan ang Diyos sa tiyak na pagpapakita Niya ng Kanyang pagmamahal sa iyo. Paano mo matatandaang purihin Siya araw-araw?
- Ipagdasal ang bahagi ng iyong buhay na sa tingin mo ay nangangailangan ng pagbabago. Ano ang isang hakbang na magagawa mo tungo sa pagbabagong ito?